**Mga umiiral at nakaplanong hakbang sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay sa lahi**

**Kawanihan ng Serbisyong Sibil**

Ginagampanan ng Kawanihan ng Serbisyong Sibil (CSB) ang responsibilidad sa pangkalahatang patakaran para sa pamamahala ng serbisyo sibil, kabilang na ang appointment, bayad at mga kondisyon ng serbisyo, pamamahala ng mga kawani, pagpaplano ng manpower, pagsasanay at pagdidisiplina.

Nakabatay sa prinsipyo ng bukas at patas na kompetisyon ang appointment sa serbisyo sibil. Sa isang bukas na pangangalap ng tauhan, sinusuri ang lahat ng kandidato batay sa kanilang kakayahan, pagganap at pag-uugali, at pagsasaalang-alang sa mga itinakdang kinakailangan sa pagpasok (kabilang ang kasanayan sa wika) na itinakda alinsunod sa mga kinakailangan sa trabaho ng naturang antas. Walang kaugnay na konsiderasyon sa lahi sa proseso ng pagpili.

Mga umiiral na hakbang

- Para magbigay ng patas na access sa mga oportunidad sa trabaho para sa non-ethnic Chinese (NEC), rerepasuhin ng pamahalaan ang mga inaatas sa katastasan sa wika sa pagpasok ng mga marka sa serbisyong sibil nang pana-panahon para masiguro na alinsunod ang mga ito sa mga inaatas ng mga trabaho habang pinananatili ang kalidad ng pampublikong serbisyo, para pahintulutan ang mga talento ng magkakaibang background para sumali sa Pamahalaan. Sa ngayon, magihit sa 50 marka ang nag-adjust sa kanilang inaatas sa pagpasok sa katastasan sa wikang Chinese (LPR).

- Regular kaming nagpapakalat ng impormasyon tungkol sa mga bakanteng posisyon sa serbisyo sibil na may medyo mababa mga LPR sa wikang Chinese sa pamamagitan ng mga sentro ng pangsuportang serbisyo ng Home Affairs Department (HAD) para sa mga etnikong minorya ang mga sentro ng trabaho ng Labour Department (LD) na matatagpuan sa buong teritoryo, ang mga hindi pampamahalaang organisasyon na kinomisyon ng LD sa ilalim ng Programang Trabaho sa Pagkakaiba ng Lahi at ang “The Job Corner for Non-ethnic Chinese” sa Youth.gov.hk.webpage.

- Mula noong 2019, isinaayos ng CSB ang Programa ng Internship para sa mga Estudyante ng NEC na may layuning tulungan ang mga batang NEC na makakuha ng karanasan sa trabaho at palakasin ang kanilang pagiging mapagkumpitensiya sa paghahanap ng trabaho. Ang mga intern ng NEC ay nai-post sa iba’t ibang mga B/D para sa isang internship na tumatagal ng halos walong linggo.

- Ang Civil Service College sa ilalim ng CSB ay bumuo ng e-learning resources katuwang ang Equal Opportunities Commission. Ang resources na ito ay sumasakop sa mga paksa tungkol sa pagkakaiba-iba ng lahi at inklusyon at pagkakaroon ng pantay-pantay na pagkakataon upang mapahusay ang cultural sensitivity ng mga empleyado ng pamahalaan.

| | |
|---|---|
| | ● Nagpapanatili ang Official Languages Division ng CSB ng Listahan ng mga Kompanya sa Pagsasalin at Listahan ng mga Freelance na Tagasalin na pangunahing nag-aalok ng pagsasalin ng mga dokumento mula Chinese at English para maging sanggunian ng mga pampublikong awtoridad. Maaaring tiyakin muna ng mga pampublikong awtoridad sa mga kompanya sa pagsasalin o mga freelance na tagasalin ang saklaw ng mga serbisyo bago kumuha ng mga serbisyo sa pagsasalin o interpretasyon sa ibang wika. |
| Pagsusuri ng Trabaho sa Hinaharap | ● Patuloy na ipapatupad ng CSB ang mga kasalukuyang hakbang at isasaalang-alang ang paggawa ng pagpapabuti kung kinakailangan. |
| Mga Karagdagang Hakbang na Ginawa/Gagaw in | ● Upang magbigay ng karagdagang paraan para sa mga aplikante ng trabaho sa serbisyong sibil na matugunan ang pangangailangan sa pagtatalaga patungkol sa kasanayan sa wika, maaaring magdisenyo ang mga kagawaran ng kanilang sariling mga pagsusulit sa wika na nakatuon sa trabaho ayon sa mga pangangailangan ng indibidwal na mga antas kung naaangkop.<br><br>Paiigtingin ng Pamahalaan ang gawain sa pagre-recruit upang ang mga talento mula sa iba't-ibang pinagmulan (kabilang ang NEC) ay makatanggap ng impormasyon sa pagre-recruit ng pamahalaan sa isang mas direktang at episyenteng paraan. |

Para sa katanungan tungkol sa mga umiiral at nakaplanong hakbang sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, makipag-ugnayan kay Bb Carmen SIU, Chief Executive Officer (Administration) sa pamamagitan ng sumusunod na daluyan -


| | | |
|---|---|---|
| Numero ng telepono | : | 2810 3090 |
| Numero ng fax | : | 2868 5069 |
| Email | : | csbts@csb.gov.hk |
| Address Pang-koreo | : | Civil Service Bureau<br>Management Division,<br>9/F, West Wing, Central Government Offices,<br>2 Tim Mei Avenue, Tamar,<br>Hong Kong |


**Kawanihan ng Serbiyong Sibil (Civil Service Bureau)**
**Mayo 2024**